Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-125-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Matapos ang maikling pagtatalakayan ay napag-alamang ang pamahayan ay walang sariling bakanteng lote maaring mapagtayuan ng gusali kundi ang dulong kalsadang mayroong 250 metro kuwadradong sukat, kaya't pinagpasiyahan ang:

APPROVED:
RESOLUTION No. 569-'91
PROVINCIAL BOARD
Oktubre 23, 1991

KAPASIYAHAN BLG. 71-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Entena)

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtitibay sa kahilingan ng LM Subdivision Homeowners Association na magamit at mapagtayuan ng isang gusaling pangkalahatan at para sa iba't-ibang gamit (multi-purpose building) ang lupang pag-aari ng pamahalaan, kabahagi at dulo ng kalsada na mayroong sukat na DALAWANG DAAN AT LIMAMPUNG (250) metro kuwadradong parisukat na ang krokis ay ginagawang bahagi ng katitikang ito at nilalagyan ng TANDANG "D";

IPINASIYA ding ang pagbibigay pahintulot sa paggamit ng lagay na lupa ay sa loob ng DALAWAMPU'T LIMANG (25) taon at maaring ipagpanibagong kahilingan sa kinauukulang tanggapan matapos ang takdang panahong ipinalugit; sa pasubali ding ang anumang gusaling itatayo o ipapagawa ay pampubliko at pampamayanan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
******************** RESOLUTION No. 569-'91
PROVINCIAL BOARD
Oktubre 23, 1991

KAUTUSANG BAYAN BLG. XLII-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Tiongco na pinangalawahan ni Kag. Gironella)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng pagtataas ng antas ng tungkulin ng Pambayang Kalihim (Municipal Secretary) mula sa pagiging Katulong na Pinuno ng Tanggapan na may antas 22 ay naging Pinuno ng Tanggapan na may antas 24 alinsunod sa itinatadhana ng Resolusyon Blg. 41 ng Joint Commission on Local Government Personnel Administration at ang pagliliwat ng palaan upang matugunan ang pagbabago ng sahod na may bisa simula April 1, 1991 batay sa sumusunod na talaan:

Reversion:

Salary of Kabataang Barangay . . . . .₱16,905.12

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

ERIC F. PUZON
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad